# MAGULANG/TAGAPANGALAGA CODE OF CONDUCT

**Layunin naming bumuo ng isang mapagmalasakit na pamayanang pang-edukasyon na parehong akademiko at panlipunang inklusibo. Mahalaga ang papel ng mga magulang at tagapag-alaga sa pagkamit ng layuning ito, kapwa sa pisikal at online na mga espasyo.**

## MAARING ASAHAN NG BAWAT MAGULANG AT TAGAPANGALAGA NA:

- tratuhin nang may paggalang at kabaitan ang kanilang sarili at ang kanilang anak.
- iIgalang ang pribasiya ng kanilang pamilya.
- konsultahin tungkol sa edukasyonal na programa ng kanilang anak.
- makipag-usap sa mga guro at administrador kapag may mga katanungan, alalahanin, o kailangang impormasyon, at maaaring magdala ng katuwang na tao.
- makaramdam ng kaligtasan sa pagtanggap ng serbisyo mula sa paaralan.
- mapakinggan ang kanilang mga alalahanin at matugunan nang mabilis at may paggalang.
- ang kanilang paaralan at komunidad ay igalang ng iba sa mga social media platforms.

## INAASAHAN SA BAWAT MAGULANG AT TAGAPANGALAGA NA:

- tratuhin ang iba at ang kanilang mga anak nang may paggalang at kabaitan.
- igalang ang pribasiya ng ibang estudyante, magulang, tagapag-alaga, at mga kawani.
- makipagkonsulta sa mga guro at administrador tungkol sa edukasyonal na programa ng kanilang anak kapag hinihingi.
- makipag-ugnayan sa mga kawani ng paaralan nang may paggalang.
- tiyakin na ang kanilang kilos ay nagbibigay sa mga kawani ng paaralan ng isang lugar ng trabaho na walang harassment, pananakot, banta, at karahasan.
- tugunan ang mga alalahanin sa pamamagitan ng pagsunod sa Guidelines for Reporting an Issue or Concern na proseso.
- gamitin ang mga social media platform nang responsable at iwasang makilahok sa mga talakayan na makakasama sa paaralan o komunidad.

***Ang sinumang tao na nakakaistorbo o nakakaantala sa mga gawain ng paaralan ay maaaring utusan ng prinsipal, o ng kanilang kinatawan, na lisanin ang lugar ng paaralan. Ang sinumang lumahok sa abusibo, nakakatakot, o panghaharas na komunikasyon ay maaaring limitahan ang kanilang pakikipag-ugnayan sa mga kawani ng paaralan***

Langley Schools